

KAGAWARAN NG MGA SERBISYO PARA SA MAY KAPANSANAN

1600 NINTH STREET, Room 320, MS 3-9
SACRAMENTO, CA 95814
TTY (916) 654- 2054 (Para sa may Mahinang Pandinig)
(916) 654-1958



Nobyembre 1, 2017

PARA SA: MGA EXECUTIVE NA DIREKTOR NG PANLALAWIGANG SENTRO

**PAKSA: MGA REGULASYON NG MGA SERBISYO SA TAHANAN AT
KOMUNIDAD – PAGPOPONDO NG PROVIDER PARA SA MGA
AKTIBIDAD SA PAGSUNOD**

Konteksto

Noong Enero 2014, ang pederal na mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid ay nagbigay ng mga panghuling regulasyon, o mga tuntunin, para sa Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (Home and Community-Based Services, HCBS)¹. Hinihiling ng mga tuntunin na ang mga programa ng HCBS na pinopondohan sa pamamagitan ng Medicaid (tinatawag na Medi-Cal sa California) ay bigyan ang mga indibiduwal na may mga kapansanan ng kumpletong access sa mga benepisyo ng paninirahan sa komunidad at magbigay ng mga serbisyo at suporta sa mga setting na isinasama sa komunidad. Maaaring kasama rito ang mga pagkakataong maghanap ng trabaho sa mga setting na mapagkumpitensiya at isinasama, kontrolin ang mga personal na mapagkukunan, at sumali sa komunidad sa parehong antas bilang mga indibiduwal na hindi tumatanggap ng mga serbisyo ng panlalawigang sentro. Nakatuon ang mga tuntunin ng HCBS sa katangian at kalidad ng mga karanasan ng mga indibiduwal at hindi lamang ang mga setting kung saan ibinibigay ang mga serbisyo.

Bilang pagkilala na ang ilang provider ng serbisyo ay kailangang gumawa ng mga hakbang sa pagbabago ng kanilang mga serbisyo para sumunod sa mga tuntunin ng HCBS bago ang Marso 2022, ang 2017 na Batas para sa Budget (AB 97, Kabanata 14, Mga Kautusan ng 2017) ay naglalaman ng \$15 milyon para pondohan ang mga kinakailangang pagbabago. Gaya ng inilalarawan sa ibaba, inaanyayahan ang mga provider ng serbisyo na mag-apply para sa mga pondo sa pamamagitan ng mga panlalawigang sentro at ang lahat ng isusumiteng konsepto ay ipapadala sa Kagawaran ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan (Department of Developmental Services, DDS) sa ayos nang pagkakatanggap ng mga ito. Ang mga panlalawigang sentro ay dapat gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagpopondo batay sa mga lokal na prayoridad, bagaman ang panghuling pag-apruba ay gagawin ng DDS. Ang mga proyekto na nangangailangan ng maraming taon para makumpleto, karagdagang pagpopondo, o na magresulta sa pagtugon sa ilan, ngunit hindi lahat, ng mga tuntunin ng HCBS, ay isasaalang-alang.

Kinakatawan ng mga tuntunin ng HCBS ang malaki at pangbuong sistemang pagbabago sa paraan na ibinibigay ang mga serbisyo. Sa malawak na saklaw ng mga tuntunin, hinihikayat ang mga provider na magsumite ng mga konsepto na nagbibigay ng kakaiba at makabagong daan sa pagsunod. Maaaring gamitin ang pagpopondo para sa higit pang malikhaing mga opsyon para sa serbisyo ng paghahatid.

¹ <https://www.medicaid.gov/medicaid/hcbs/index.html>

² <http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/HCBSStatewideTransitionPlan.aspx>

"Pagbuo ng Samahan, Sinusuportahan Ang Mga Pagpipilian"

Mga halimbawa ng dati nang pinondohang mga konsepto:

- Ang pakikipag-ugnayan at impormasyon hinggil sa mga tuntunin ng HCBS sa mga consumer at mga miyembro ng kanilang mga team na nagbibigay ng suporta.
- Sinuusportahan ang mga consumer sa higit pang mas magkakahiwalay na basehan para itaguyod ang pagsama sa komunidad at trabaho.
- Inuuna ang mga kagustuhan ng mga consumer at ginagamit ang feedback ng consumer sa paggawa ng konsepto.

Mga karapat-dapat na provider

Ang mga provider ng mga serbisyo na nasa mga setting na tinukoy sa Pambuong Plano ng California hinggil sa Paglipat (California Statewide Transition Plan)² (Kalakip A) na hindi sumusunod sa mga tuntunin ng HCBS ay maaaring maging karapat-dapat para sa pagpopondo.

Proseso ng pag-aapply

Kasama sa proseso ng pag-aapply para sa pagpopondo ang mga sumusunod:

Hakbang 1 – Sa Enero 5, 2018, kailangang magsumite ang mga provider ng serbisyo ng mga sumusunod sa itinalagang kokontaking tao para sa bawat panlalawigang sentro (Kalakip B) para maisaalang-alang para sa inisyal na pag-apruba:

- Nakumpletong pagsusuri sa pagsunod ng provider ng setting na may vendor, serbisyo o suporta na tinutukoy at inilalarawan kung aling mga kinakailangan ng setting ng HCBS ang hindi natugunan (Kalakip C); at,
- Nakumpletong form ng konsepto (Kalakip C) na may kasamang:
 - Pangalan ng vendor, pangunahing panlalawigang sentro, numero ng vendor, uri ng serbisyo/code, at dami ng mga consumer na pinaglilingkuran ng vendor;
 - Kung natutugunan ng konsepto ang mga hindi natutugunan na pangangailangan ng serbisyo o mga pagkakaiba ng serbisyo;
 - Paglalarawan kung paano isinama ng vendor ang mga indibiduwal na binibigyan nito ng mga serbisyo sa proseso sa paggawa ng mungkahi;
 - Maikling buod/paglalarawan ng proyekto, pagtukoy kung aling mga kinakailangan ng setting ng HCBS ang hindi natutugunan, ilarawan kung paano makakatulong ang pagpopondo sa pagsunod, at patunayan ang hiniling na pagpopondo;
 - Maikling paglalarawan ng anumang mga hadlang sa pagsunod sa mga tuntunin ng HCBS at/o pagpapatupad ng proyekto;
 - Tinatayang budget para sa proyekto na tumutukoy sa lahat ng pangunahing gastos;

- o Hiniling na 2017-18 na pagpopondo; at,
- o Tinatayang takdang panahon para sa proyekto.

Hakbang 2 – Sa Enero 19, 2018, dapat magsumite ang mga panlalawigang sentro ng lahat ng nakumpletong konsepto at mga pagsusuri sa ibinigay na email address sa ibaba, kasama ang anumang mga rekomendasyon ng pagpopondo at ang basehan para sa mga rekomendasyon. Ang mga panlalawigang sentro ay dapat ipadala ang mga konsepto ng DDS sa ayos nang pagkakatanggap ng mga ito mula sa mga provider. Para sa mga form ng konsepto na hindi kumpleto, dapat makipagtulungan ang panlalawigang sentro sa vendor para isumite ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Pakitandaan, para sa mga provider na namamahala sa mga programa na maraming numero ng vendor, maaaring magsumite ng isang form ng konsepto at pagsusuri, basta't naaangkop ang plano sa lahat ng nakalistang mga numero ng vendor. Maaaring humiling ng karagdagang impormasyon ang DDS sa mga provider o panlalawigang sentro, gaya ng kinakailangan.

Hakbang 3 – Aabisuhan ng DDS ang mga panlalawigang sentro tungkol sa mga napiling konsepto para sa pagpopondo. Bibigyan ng prayoridad ang mga hindi nakatanggap ng pagpopondo sa nakaraang taong ng pananalapi.

Hakbang 4 – Ang mga piniling konsepto ng DDS ay mangangailangan ng kontrata sa pagitan ng panlalawigang sentro at ng provider ng serbisyo, na isasama ang mga sumusunod:

- Mga detalye hinggil sa proyekto, kasama ang mga partikular na detalye sa kung paano gagamitin ang pagpopondo para dagdagan ang pagsunod sa mga pederal na kinakailangan;
- Mga detalye sa kung paano gagamitin ang mga mungkahi ng consumer sa paggawa at pagpapatupad ng proyekto;
- Detalyadong budget para sa proyekto;
- Para sa mga proyekto na kinabibilangan ng pagbili ng mga item o serbisyo, isang pagpapatunay (hal. maraming quote) ng pagiging sulit ng pagbili;
- Takdang panahon ng proyekto na tinutukoy ang mahahalagang pangyayari;
- Mga tagasaad ng layunin para sukatin ang pag-usad tungo sa pagsunod sa mga pederal na kinakailangan; at,
- Pangangailangan ng pag-uulat sa panlalawigang sentro na gagawin nang dalawang beses sa isang taon tungkol sa pagpapatupad ng proyekto, kasama ang pag-usad na nauugnay sa mahahalagang pangyayari at pag-usad sa pagsunod sa mga pederal na kinakailangan.

Magsasagawa ang DDS ng dalawang isang oras na mga webinar para suriin ang prosesong ito at sagutin ang mga tanong. Ang mga opsyonal na webinar ay gaganapin sa Martes, Nobyembre 14, 2017, mula 2:00 p.m. – 3:00 p.m., at Biyernes, Nobyembre 17, 2017, mula 11:00 a.m. – 12:00 p.m. Para magparehistro, sundin ang mga tagubilin na makikita sa <http://www.dds.ca.gov/HCBS/>.

Mga Executive Director ng Panlalawigang Sentro
Nobyembre 1, 2017
Pahina apat

Umaasa kaming makipagtulungan sa prosesong ito habang patungo kami sa pagtugon ng mga tuntunin ng HCBS. Mangyaring idirekta ang anumang mga tanong hinggil sa sulat na ito sa HCBSregs@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Orihinal na pinirmahan ni:

BRIAN WINFIELD
Deputy na Direktor
Sangay ng Mga Serbisyo sa Komunidad

Mga Kalakip

kopya: Mga Tagapangasiwa ng Panlalawigang Sentro
Mga Punong Tagapayo ng Panlalawigang Sentro
Mga Direktor ng Mga Serbisyo sa Komunidad ng Panlalawigang Sentro
Mga Tagasuri ng Programa ng HCBS sa Panlalawigang Sentro
Samahan ng mga Ahensiya ng Panglalawigang Sentro
Nancy Bargmann, Kagawaran ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan
John Doyle, Kagawaran ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan
Jim Knight, Kagawaran ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan